5

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

4

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Filipino 5**
**Kuwarter 4: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa taong panuruang 2025-2026. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:

- Lilybeth C. Agno (Mariano State University)

Mga Tagasuri:

- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: 1 – Tala-Rawan (5 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nabibigyang-kahulugan ang mga salita sa tulong ng mga larawan.
- Natutukoy kung tama o hindi ang mga pahayag batay sa larawan.

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

**IV. Panuto:** Tukuyin kung tama o hindi ang pangungusap batay sa isinasaad ng larawan.



Mula sa: https://www.baamboozle.com/index.php/study/750649

**AGONG**

1. Ang agong ay pinatutunog sa pamamagitan ng pagpalo.

Sagot: ______________________________



Mula sa: https://www.baamboozle.com/index.php/study/750649

**KULINTANG**

2. Ang kulintang ay binubuo ng anim na gong.

Sagot: ______________________________



Mula sa:
https://tinyurl.com/6j9vwyuf

**DEBAKAN**

3. Ang debakan ay isang modernong tambol.

Sagot:______________________________



Mula sa:
https://shorturl.at/ryUp3

**TUBAW**

4. Ang tubaw ay isinusuot sa katawan.

Sagot: ________________________________



Mula sa:
https://tinyurl.com/yckyjxa8

**MANGSASANGYAW**

5. Ang isang mangsasangyaw ay tagahatid ng balita o mensahe.

Sagot: ________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Tayutay na Kabalintunaan o Ironiya** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: 2- Bumuo ng Ironiya (10 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nagagamit ang mga salitang may konotasyong kahulugan (tayutay na kabalintunaan/Ironiya) sa pagbuo ng pangungusap.

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

**IV. Panuto:**

Magbigay ng isang kabalintunaang maaaring idagdag sa linya ng tauhan. Alamin ang konteksto upang makapagbigay ng ironiya na aangkop sa diyalogo.

1. ***Pilandok****: E, iniibig ko ang anak ninyo.*
   ***Ina****: Anong iniibig? Nakakain ba ang pag-ibig? Baka gusto mong kulamin kita. Mangkukulam ako.*

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. ***Ina****: Aba, nasaan na ang lalaking iyon? (Biglang mangangati ang katawan.) Naku, ang kati! Ang kati-kating katawan ko. (Uubo nang uubo. Magkakamot nang magkakamot ng katawan.) Hindi tabako ang ibinigay sa akin ni Pilandok. Niloko niya ako. Humanda siya sa akin. Sa muli naming pagkikita, gagawin ko siyang palaka.*

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. ***Bombola****: Gago talaga iyang si Pilandok. Biruin mong ipagpalit itong lumilipad na karpet sa tatlong tungko ng kalan. Ha! Ha! Ha!*

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. ***Ina**: Aha, ang prinsesa. Ito ang kalaban ng anak ko sa kagandahan. Siya na lamang ang niliiligawan ng mga prinsipe. At kawawa naman ang anak kong si Potre.*

___

___

5. ***Bombola**: Aha, sa wakas nagkita rin tayo. Humanda ka, Pilandok. (Huhulihin at itatali sa ilalim ng puno si Pilandok.)*

___

___

*Pilandok: Naku, huwag, patawarin mo na ako.*

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | 4 | |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Mga Elemento ng Dula** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain: 3- Paglalapat at Pag-uugnay – Mga Elemento ng Dula (15 minuto )**

**II. Mga Layunin:**

- Nasusuri ang dulang "Si Pilandok" ayon sa mga elemento nito.

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

**IV. Panuto:**

Ibigay ang hinihinging impormasyon o pangyayari tungkol sa mga sangkap ng dulang "Si Pilandok".

**A. SIMULA**

1. tagpuan ________________________________________________

________________________________________________

2. tauhan ________________________________________________

________________________________________________

**B. GITNA**

3. suliranin ________________________________________________

________________________________________________

4. saglit na kasiglahan________________________________________________

________________________________________________

5. tunggalian ________________________________________________

________________________________________________

6. kasukdulan ________________________________________________

________________________________________________

**C. WAKAS**

7. kakalasan ________________________________________________

________________________________________________

8. kalutasan ________________________________________________

________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | 4 | |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Tayutay na Kabalintunaan o Ironiya** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain: 4 - Gumamit ng Ironiya (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nagagamit ang mga salitang may konotasyong kahulugan (tayutay na kabalintunaan/Ironiya) sa pagbuo ng pangungusap.

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

**IV. Panuto:**Palitan ng pahayag na kabalintunaan ang nasalungguhitang bahagi ng dula o ng ibang akda.

1. PILANDOK: Puwes. Alam ko kung paano magagamot ang prinsesa. Sige na. Pakawalan mo na ako at sasabihin ko sa 'yo ang sikreto.
<u>BOMBOLA: O sige, pero pag niloko mo ako uli, papatayin kita talaga. (Kakalagan si Pilandok.)</u>

Sagot: ______________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. BOMBOLA**:** Hihintayin ko ang paglabas ng ahas.
INA: Aha, anong ginagawa mo rito? (Sisilip sa yungib.) Aba, wala ang ahas. Ano 'yang hawak mo? Tubig! Ibinalik mo ang prinsesa sa dating anyo.
BOMBOLA: Naku.. Hindi...
<u>INA: Pilandok! Gagantihan kita. Gagawin kitang palaka!</u>

Sagot: ______________________________________________________________

______________________________________________________________________

Kompletuhin ang kabalintunaang angkop na sabihin ng isang tauhan sa kausap na tauhan. Gawing gabay ang nasa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa patlang.

3. Ina kay Pilandok (Kukutyain ang kanyang hitsura.)
INA: Ikaw na ang pinakamagandang lalaki sa balat ng lupa kung ikaw ay ____________________.
(Magbigay ng posisyon.)

4. Bombola kay Pilandok (Kukutyain ang kanyang talino.)

BOMBOLA: Ang galing talaga ng pag-iisip mo, Pilandok! Parang pag-iisip ng isang _____________. (Magbigay ng tao o hayop.)

5. Ina kay Soraya (Kukutyain ang kanyang anyong ahas.)

INA: Ang ganda-ganda mo naman, Mahal na Prinsesa. __________ nang prinsipeng liligaw sa iyo dahil ahas ka na!

(Magbigay ng bilang)

6. Pilandok kay Bolbola (Kukutyain ang katangian ni Bolbola.)

PILANDOK: Wala na ngang mas babait pa sa iyo, kaibigan kong kasingbait ni __________________. (Magbigay ng pangalan ng tao.)

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | 4 | |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pangungusap na Langkapan** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain : 5 - Pinatnubayang Pagsasanay/Paglalapat at Pag-uugnay ( 20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nakabubuo ng pahayag gamit ang langkapang pangungusap.

**III. Mga Kailangang Materyal**

lapis

**IV. Panuto**

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**Sumulat ng Langkapan.** Bumuo ng limang pangungusap na langkapan mula sa mga pahayag na naibigay. Sundin ang anumang patern na gusto mo. Salungguhitan at lagyan ng leybel ang mga sugnay na nakapag-iisa (SN) at sugnay na di nakapag-iisa (SDN). Bilugan ang mga pangatnig.

Kami ay nanood ng Sinulog Festival.
Hindi namin natapos ang palabas.
Sumakit ang aking ulo.
Maaga kaming umuwi.
Ako ay makapagpahinga

Mga Pangungusap na Langkapan:

1.____________________________________________________________

2.____________________________________________________________

3.____________________________________________________________

4.

5.

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

**Gamitin sa Talata ang Langkapan**. Bumuo ng isang maikling talata tungkol sa iyong karanasan sa pagdalo sa inyong panrehiyong pagdiriwang. Gumamit ng iba't ibang kayarian ng pangungusap. Salungguhitan ang mga pangungusap na langkapan.

**SAGUTANG PAPEL SA PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino 5 | **Kuwarter** | 4 | |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | **Pagsusulit sa Aralin 4** | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain : 6 – Pagsusulit ( 30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Natutukoy ang elemento ng dula batay sa paglalarawan dito.
- Nagagamit sa pagpapahayag ang langkapang pangungusap.
- Nagagamit ang mga salitang may konotasyong kahulugan (tayutay na pagmamalabis/hyperbole) sa pagbuo ng pangungusap.

**III. Mga Kailangang Materyal**

Lapis

**IV. Panuto**

A. Pagtatapat. Itapat ang mga elemento ng dula sa mga paglalarawan sa mga ito.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _______1. pinakakaluluwa ng isang dula | a. diyalogo |
| _______2. saksi sa pagtatanghal | b. direktor |
| _______3. paksa ng dula | c. iskrip |
| _______4. mga linya ng mga aktor | d. karakter |
| _______5. nagbibigay-buhay sa dula | e. manonood |
| | g. tema |

B. Punan ng angkop na salita ang patlang upang makabuo ng pahayag na may kabalintunaan.

**Paghahanda Para Sa Pista**

*Ni Lilybeth C. Agno*

TAGAPAGSALAYSAY: Abalang-abala ang pamilya Reyes sa paghahanda para sa pista sa nayon. Maraming darating na bisita upang makipagdiwang.

NANAY: *(Halatang pagod na. Makikita ang anak na nakahiga.)* Talaga namang (6)___________________ ka, Leo. Wala ka nang ibang ginawa kundi matulog nang maghapon!

LEO: (Mabibigla at agad na babangon.) Hindi naman po 'Nay. Nagpapahinga lang po sandali. Napagod na rin po kasi ako.

NANAY: Sobra naman ang (7) ________________ mo. Kitang-kita na nga ng dalawang mata ko, nagsisinungaling ka pa.

TATAY: Kasama ko si Leo kanina sa pagkatay ng mga manok, Nanay. Talagang pagod na rin 'yang anak mo.

NANAY: Sus, magkakampi lang kayong mag-ama (Ngingiti.)

TATAY: Tara na nga sa kusina at makakain na muna! Talagang gutom na ako.

(Kakain ang mag-anak. Maraming kakainin ang tatay.)

NANAY: Nagtataka naman ako sa (8) _______________ ng sikmura mo, 'Tatay. Halos maubos mo na ang isang kalderong kanin.

TATAY: Ay naku, Nanay! Sobrang gutom ko sa dami ng ginawa natin.

LEO: Dito ka magtataka, 'Nay. Alam mo bang bilib ako sa tibay ng panlasa ng nakita ko? Pati hindi masikmura ng aso, (9) ______________ niya!

(Magtatawanan ang mag-anak.)

NANAY: Seryosong usapan na ito. Alam niyo ba na (10) _____________________ ang isang kapitbahay natin diyan? Pagkatapos kong tulungan noong nagigipit siya, hindi man lang makapagpautang sa akin ng kahit limandaang piso lang sana para madagdagan ang ating handa.

TATAY: Nanay, kung anong meron tayo, 'yon na lang. Mahirap kayang magbayad ng utang!

LEO: Oo nga naman 'Nay. Ibibili ko na lang ng bagong damit para sa pista bukas.

NANAY: O, sige, sige. Bumili ka na ng isandaang damit para makapagpalit ka kada oras!

(Maririnig ang halakhak ng mag-anak.)

C. Sumulat ng isang talata tungkol sa isang pagdiriwang na dinaluhan mo. Gumamit ng iba-ibang kayarian ng pangungusap. Salungguhitan ang mga pangungusap na langkapan. Lagyan ng pamagat ang iyong talata.

______________________________________

____________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________